



CALAMBALITA

Vol. 2 No. 016

October 18, 2018 Bilang 20

PANGULONG DUTERTE NAMAHAGI NG 250 SASAKYAN SA BJMP

Dumating sa Calamba si Pangulong Rodrigo Duterte sa Camp Vicente Lim noong 26 Setyembre 2018 upang ipamahagi ang 250 sasakyan sa Bureau of Jail Management & Penology (BJMP). Dumalo rin sa

naturang okasyon ang ating Punong Lungsod, Mayor Justin Marc SB. Chipeco at Punong Lalawigan, Governor Ramil Hernandez.

Ayon sa pangulo, "Itong mga sasakyan ang sagot sa matagal nang daing ng BJMP Personnel upang may magamit sila para sa paghahatid sa mga preso papunta sa mga korte kung saan dinidinig ang kanilang mga kaso". Dagdag pa niya, "I am pleased to be with you today for the ceremonial

turn-over of the second batch of newly procured prisoners' vans that I promised to the BJMP when I visited Camp Bagong Diwa in October last year." Ang kanyang tanggapan ay nakapagbigay na ng paunang 50 sasakyan noong Hulyo.

Isa sa mga plano ni Pangulong Duterte ang bumili ng eroplano, aniya, "Maybe one for Mindanao and sa

Visayas when we are transferring a high profile, a high value target, you will use the plane".

Dahil nais din ng pangulo na maitaas ang antas ng pamumuhay ng halos 13,000 personnel na may hawak ng 500 kulungan sa buong bansa kaya kaniyang inaayos ang kanilang mga sweldo at benepisyo para sa kanilang pagreretiro. (Joel Cabactulan/IIPESO)



SAP BONG GO, PINANUMPA ANG MGA BAGONG KASAPI NG PDP LABAN SA LAGUNA



Pinanumpa ni Special Assistant to the President Bong Go ang mga bagong kasapi ng partido PDP Laban sa Lalawigan ng Laguna noong 20 Setyembre 2018 na ginanap sa isang restaurant sa Lungsod ng Calamba. Dinaluhan ng ibat-ibang Mayor, Vice-Mayor, mga Sanggunian sa buong lalawigan, Governor Ramil

Hernandez, Congressman Joaquin Chipeco at maging si Mayor Justin Marc “Timmy” SB. Chipeco.

Sa mensahe ni SAP Bong Go, hindi inaasahan ni President Rodrigo Roa Duterte na siya ang mananalo sa pagka pangulo dahil sa napaka kaunti lang nila sa kanilang partido. Subalit sa kagustuhan umano ng mga tao na mabago ang sistema sa gobyerno ng bansa ay siya ang ibinoto ng milyun-milyong Pilipino.

Ayon pa kay Sec. Bong Go, “Nabuo ang partidong PDP Laban dahil sa pagbabagong nais ipatupad ng founder nito. Sa pagdaan ng ilang dekada marami ang nag iba sa ating bansa at sa mundo.”

Ipinagmalaki pa niya ang mga ginagawa ni Pangulong Duterte sa kasalukuyan, ang patuloy na pagsugpo sa laganap na droga at ang katiwalian ng gobyerno. (J. Cabactulan / IIPESO)

MOA SIGNING PARA SA COA LAGUNA SATELLITE OFFICE

Idinaos ang signing ng Memorandum of Agreement (MOA) para sa pagpapatayo ng Laguna Provincial Satellite Auditing Office (PSAO) dito sa Lungsod ng Calamba.

Isinagawa ito sa pagitan ng City Government ng Calamba sa pangunguna ni Mayor Justin Marc “Timmy” SB. Chipeco at ni Commission on Audit (COA) Chairperson Michael G. Aguinaldo.

Layon ng COA na magtayo ng mga satellite offices sa mga probinsya gaya

ng Laguna para maging kabahagi sa paglawak ng kaalaman ng mga auditors upang mas magampanan ng ayos ang kanilang mga tungkulin.


Higit pa rito, magiging daan din ito sa patuloy na pag-unlad ng probinsya at lungsod.

Kasama sa mga dumalo sina Vice Mayor Roseller “Ross” H. Rizal, Region IV-A Regional Director Mario G. Lipana, Region IV-A Assistant Regional Director Maria Oliva V. Ortega, Laguna Supervising Auditor Ethel V. Gervacio, mga State Universities and Colleges (SUCs), Non-government sectors (NGS) at stand-alone agencies.

Ginanap ang MOA signing sa Multi-Purpose Conference Room, 3rd Floor, City Hall ng Calamba noong 26 Setyembre 2018. (Jialyn Quilao/IIPESO)



CITY CELEBRATES WORLD TOURISM MONTH



In support of the world wide celebration of TOURISM MONTH, Mayor Justin Marc SB. Chipeco and the City Government of Calamba, through the Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department launched several projects to boost the city’s tourism promotion program.

A new brochure of the city has just been printed with updated figures and

information on popular tourist destinations. In cooperation with the Department of Tourism Region IVA, it will be distributed in strategic places where tourist converge, as well as in Tourist Information Centers in the region.


In compliance with its mandate to conserve and promote its historical and cultural heritage and resources, the city will

soon embark on a Cultural Mapping Project under the guidance of the National Commission for Culture and the Arts. Through this project, the city hopes to identify its cultural resources and come up with a heritage registry which can eventually be used to develop legislation, bills and guidelines for safeguarding the cultural heritage of the city.

Sisterhood Agreement with six (6) towns of Laguna will soon be signed as part of the city’s efforts to create and expand linkages with other local government units. The agreements are with the towns of Paete, Famy, Liliw, Nagcarlan, Pila and Victoria. Sisterhood Agreements have already been forged with the towns of Majayjay and Magdalena. The agreements hope to

strengthen cooperation in tourism, employment, livelihood and other areas of common concern among the partners.

In addition to these activities, Mayor Timmy Chipeco has lined up several projects to develop the city’s heritage area and its committed to continuously promote Calamba as a prime tourist destination. (Noemi Talatala)



LAGUNA, HOST PROVINCE NG NYLC

Mahigit 200 kabataang lider ng bansa ang dumalo sa National Young Leaders Conference (NYLC) noong 27 - 30 Setyembre 2018. Ito ay isang pagtitipon ng mga kabataan upang bumuo ng mga polisiya na magiging batayan ng mga probinsya at lungsod.

Gaya sa nakaraang SK summit, nagsagawa rin ngayon ng immersion kung saan ang kalahati ng participants ay nakisapamuhay sa 6 na barangay ng Lungsod ng Calamba at ang kalahati naman ay sa Biñan. Isinagawa ito upang mas makita ng bawat participants ang pamumuhay ng mga Calambeño at ang suliraning

pang kabataan na maaaring mabigyang solusyon sa kanilang ginawang polisiya. Nagkaroon din ng Local Government Unit (LGU) visitation upang ipakita ang mga best practices ng lungsod gaya ng edukasyon (City College of Calamba) at marami pang iba.

Nilibot din ang mga participants sa mga historical places at tourist spot ng lungsod ng Calamba gaya ng CalamBanga, Bahay ni Rizal, resorts sa Pansol at iba pa.

Ito nga ang kauna-unahang NYLC na ang host ay ang Laguna at dito pa ginanap sa Lungsod ng Calamba. *(Jialyn Quilao/IIPESO)*



credits to: Kik Singh



CALAMBA BESTS OTHER CALABARZON CITIES TO WIN TESDA'S 2018 NATIONAL KABALIKAT AWARD

Calamba City bested other cities in CALABARZON to win the 2018 NATIONAL KABALIKAT AWARD for Region IV-A (CALABARZON) from the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

The city, under the leadership of Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, was cited for its "exemplary contribution and collaboration" for the advancement of TESDA's Technical Vocational Education and Training (TVET).

TESDA in particular hailed the city government's move to bring TVET programs closer to the people by implementing the Pagsasanay sa Barangay Program which brings training programs to the grassroots level and for its continuous implementation of 23 tech-voc programs and livelihood trainings in three training facilities through the Calamba Manpower Development Center.

TESDA Laguna Provincial Director Jaime S. Castillo and Regional Director Nenuca E. Tangonan for CALABARZON, cited the substantial contribution of the City of Calamba to the promotion, enhancement and provision of relevant Technical Vocational Education and Training for constituents which resulted to 8,133 Tech-Voc graduates; 7,296 candidates assessed and certified under the Competency Assessment and Certification Program

and hundred thousands of individuals and organizations that benefited from the city's employment facilitation services through the different departments of Calamba City like Social Services (CMDC), Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO), Agricultural Services Office and Cooperatives and Livelihood Development Department.

City officials led by City Social Welfare and Development Officer Celina Dacara-Manabat, Training Center Administrator Leonardo D. dela Cruz, Jr. and other CMDC Officers received a trophy and plaque of recognition from TESDA Director General Guiling Mamondiong and Undersecretary John Titus Vistal at the TESDA Women's Center in Taguig City in August 23, 2018 on the occasion of 24th TESDA Anniversary Celebration.

Inspired by the award, Mayor Timmy Chipeco said the city government will continue to provide services related to workforce development and will continue to improve the city's training facilities.

TESDA gives the Kabalikataw Award to local government units, institutions, private firms/companies and legislative partners which support the agency's programs. *(Leo dela Cruz)*

Lahat kasama sa pag-unlad ng bayan - MAYOR TIMMY

Hinimok ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco ang mga dumalo sa ginanap na Serbisyo Caravan sa Barangay Palo Alto noong 25 Setyembre 2018 na makiisa sa pag-unlad ng Lungsod ng Calamba.

"Lahat tayo ay kasama sa pag-unlad ng bayan," aniya.

Hinikayat niya na gampanan ng bawat isa ang kani-kanilang tungkulin bilang kabahagi ng lungsod, gaya ng pagtatapon ng basura sa tamang tapunan, pag-iwas sa pagsisimula ng gulo at iba pang simpleng bagay na maaaring maiambag ng isang indibidwal.

Sa kabuoan, matagumpay


ang naging programa sa pakikipagtulungan ng mga opisyal ng nasabing barangay sa pangunguna ni Brgy. Chairman Arvin Manguiat.

Ayon kay G. Manguiat, bilang paghahanda ay nagbahay-bahay sila sa mga residente upang ipaalam na may ganitong programa.

Dagdag pa niya, sila'y naglinis ng kapaligiran lalo na ang pagdadausan ng programa.

Ikinatuwa naman ni Kon. Dyan Espiridon na marami ang dumalo upang makibahagi sa mga serbisyong inilapit na mismo sa kanilang barangay. *(Jialyn Quilao/IIPESO)*

26Sept18 |denCepeda



MAYOR TIMMY CHIPECO'S FRIENDSHIP GAMES, INUMPISAHAN NA

Inumpisahan na ang Mayor Timmy Chipeco's Friendship Games noong 26 Setyembre 2018 kasabay ng pagdiriwang ng 118th Civil Service Anniversary. Sinimulan ito sa isang parada mula sa ground floor ng Calamba City Hall

patungo sa 3rd floor lobby. Layon ng palarong ito na mabigyan ng mapaglilibangan ang mga kawani ng Pamahalaang Panlungsod at maipakita ang kanilang galing o talento pagdating sa sports. Ayon kay Kon. Dyan

Espiridion, ang isa pa sa pinaka layunin nito ay magkaroon ng pagkakataon ang bawat isa na makapagsama-sama hindi lang bilang magkakaibigan ngunit pati na rin bilang isang pamilya.

Ani Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, "matagal ng nagbibigay ng epektibo at propesyonal na serbisyo ang mga kawani at magpapatuloy pa ito kaya kailangan mas maging healthy." Opisyal ngang binuksan ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco ang palaro kasunod ang oath of sportsmanship na pinangunahan ni Kon. Charice Anne "Cha" Hernandez.

Kasabay ng opening ceremony ang paligsahan ng 15 muses. Tinanghal na panalo bilang Best Muse si Jeira Rizal ang representative ng Vice Mayor's Office samantalang Best in Uniform naman ang Mayor's office. Sa kabuoan, umabot sa 40 teams ang nakilahok sa basketball (40 - above), 20 teams sa basketball (39 - below), 8 teams para sa volleyball women, at marami pang iba gaya ng men's volleyball, badminton at dart. Magsisimula ang volleyball sa 27 Setyembre 2018 na gaganapin sa covered court ng Brgy. III at sa 28 Setyembre 2018 naman ang basketball sa Parian covered court. (Jialyn Quilao/IIPESO)

WORK IMMERSION PROGRAM PARA SA 30 HIGH SCHOOL STUDENTS, NAGSIMULA NA

Nagsimula noong 10 Setyembre 2018 ang 30 estudyante mula sa St. Benilde Intl. School, isa sa mga unang Senior High School (SHS) na ka-partner ng Lungsod ng Calamba sa pagpapatupad ng Work Immersion Program (WIP).

Ang programang ito ay isang mandatory work immersion para sa mga SHS students sa loob ng sampung (10) araw at kailangang naka-ayon ito sa kanilang napiling vocational course o academic track.

Layon nitong sanayin at palakasin ang kakayahan ng mga mag-aaral upang gawing handa sa kanilang

magiging trabaho. Nagbigay naman ng mensahe si Ms. Noemi Talatala, IIPESO Head upang mabigyan ng paalala ang mga kabataan sa departamento na maaari nitong mapuntahan.

Tinuruan din niya ng mga dapat gawin sa oras ng trabaho.

Ang programang ito ay handog ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at ng Sangguniang Panlungsod para sa mga kabataan ng lungsod.

(Joel Cabactulan/Jialyn Quilao/IIPESO)

LAGUNA SK SUMMIT GINANAP SA CALAMBA

Matagumpay na idinaos ang Sangguniang Kabataan (SK) at Local Youth Development Summit ng Laguna noong 12 - 14 Setyembre 2018.

Isinagawa ang pagpupulong na ito upang sama-samang bumuo ang mga lider ng bawat bayan ng Provincial Youth Development Plan na naka-base sa Philippine Youth Development Plan at 9 centers of participation (Health, Education, Economic Empowerment, Social Inclusion and Equity, Peace-Building and Security, Governance, Active Citizenship, Environment at Global Mobility).

Ang planong ito ay gagawing epektibo sa loob ng tatlong taon na magiging batayan ng mga munisipalidad at ibababa

rin sa mga barangay para sa kanilang Comprehensive Barangay Youth Development Plan (CBYDP).

Bukod pa rito, nagkaroon din ng extra challenge na immersion, dito'y hinayaan ang mga participants ng summit na maki-pamuhay sa mga napiling barangay dito sa Lungsod ng Calamba.

Nagsagawa rin ng Team Building habang sa huling araw naman ay nagkaroon ng cultural night na may temang 80's.

Dumalo sa pagpupulong ang SK Federation Officers ng lahat ng lokal na pamahalaan sa Laguna at Local Youth Development Officers.

Ginanap ito sa Provincial Governor's Extension Office, Hectan Building sa Lungsod ng Calamba. (Jialyn Quilao/IIPESO)





2018 BNEO FOR GREAT BARANGAYS

Kinilala ang barangay bilang pangunahing sangay ng pamahalaan kaya nagsagawa ang Department of Interior and Local Government (DILG) Calamba City ng training para sa mga Barangay Newly Elected Officials (BNEO) ng Calamba.

Ang programang ito ay tinatawag na BNEO for Grassroots Renewal and Empowerment for Accountable and Transparent (GREAT) Barangays.

Layunin ng programang ito na palawakin ang kaalaman ng mga opisyaes tungkol sa kanilang responsibilidad

at tungkulin bilang mga tagapamuno, lalo na sa mga bagong pasok sa larangang ito.

Nais din nitong gawing husto o pagtibayin ang kakayahan ng mga opisyaes upang mas magampanan ng maayos, epektibo at mabisa ang tungkuling ini-atas sa kanila at mai-ayon ito sa konteksto, kultura at ugali ng isang lokal na pamahalaan.

Inilaan ito hindi lamang sa mga bagong halal na opisyaes ngunit pati na rin sa mga bumalik sa posisyon o muling nahalal.

Tinalakay sa pagsasanay ang mga sumusunod:
- Public Accountability:

Code of Conduct and Ethical Standard
- Decentralization and Governance: Overview of the New Local Government Code

- Barangay Government Administration (Roles, functions and responsibilities of Barangay Officials, Sangguniang Barangay at Benefits/ Privileges of Barangay Officials)

- Essential of Governance Administration
- Katarungang Pambarangay
- Disaster Risk Reduction - Climate Change Adaptation
- Violence Against Women and Children (VAWC)
- Peace and Order
- Reproductive Health Law
- Barangay Development

Council
- Barangay Development Planning
- Barangay Budget, Auditing at Finance
- Investment Programming
Ginapanap ng unang batch ng pagsasanay noong 1-3 Setyembre 2018 sa Lima Park Hotel, Malvar, Batangas.

Dinaluhan ito ng labing isang (11) kalahok kada barangay kabilang ang Punong Barangay (1), Barangay Kagawad (7), SK Chairman (1), Secretary (1) at Treasurer (1) mula sa unang klaster na binubuo ng 27 barangay.

Ang ikalawang batch ng training ay gaganapin sa 9-11 Setyembre 2018. (Jialyn Quilao/IIPESO)



SPECIAL REGISTRATION PARA SA PWD AT SENIOR CITIZEN



Isinagawa ang kauna-unahang Special Commission on Elections (COMELEC) Registration para sa mga Senior Citizens at Persons with Disabilities (PWD) ng Lungsod ng Calamba.

Ginapanap ito sa Waltermart Makiling noong 5 Setyembre 2018.

Isa itong programa ng

COMELEC na ipinatupad sa buong bansa (nationwide) upang mas mapadali ang proseso ng pagpaparehistro ng mga senior citizens at PWD at makaiwas sila sa mahahabang pila.

Mapapansin naman sa bagong form ng pagrerehistro na kailangang ideklara kung ang aplikante ba ay PWD o senior citizens.

Nagkaroon ng ganito upang mas bigyan sila ng pansin at pagkakataon o karapatan sa accessible polling places (APP) sa araw ng eleksyon.

Ang APP ay espesyal na presinto para sa mga botanteng kailangan ng assistance.

Ito ay kadalasang nasa ibabang palapag lamang ng mga eskwelahan upang hindi maging mahirap sa kanila ang pag-akyat.

Umabot nga sa 5 (3 lalaki,

2 babae) ang mga aplikante ng PWD, 2 ang bagong rehistro at 3 naman ang sa transfer of registration.

Sa mga Senior Citizens, 13 ang naging aplikante, 10 ang bagong rehistro, 12 sa transfer of registration at 4 sa transfer with correction of entries.

Ito nga ang kauna-unahang special registration na ginapanap dito sa Lungsod ng Calamba. (Jialyn Quilao/IIPESO)



Pride of Calamba



ENGR. RICHARD NOPRADA MARCELO WINNER

INTERNATIONAL ESSAY COMPETITION
PAQS-IWATA Foundation Essay Competition
2018

A Member of Philippine Institute of Certified Quantity Surveyors

CALAMBA CPS, TOP PERFORMER NG LAGUNA



Pinarangalan ang Calamba bilang Top Performing City Police Station (CPS) sa buong lalawigan ng Laguna.

Iginawad ito bilang pagkilala sa kanilang isinagawang limang (5) anti-illegal drug operation sa loob lamang ng isang linggo mula noong 21 Agosto 2018 hanggang 27 Agosto.

Resulta ng naging operasyon ang pagkaka-aresto ng labing isang (11) personalidad na konektado sa droga at pagkumpiska sa 3.5 grams ng shabu.

Ibinigay ni Police Senior Superintendent o Acting Provincial Director Kirby John Brion Kraft ang Certificate of Recognition noong 28 Agosto 2018 sa ginanap na Oversight Committee Meeting ng Anti-Illegal Gambling at Managing Police Operations sa Conference Room Kampo Heneral Paciano Rizal, Brgy. Bagumbayan sa Sta. Cruz, Laguna.

Isang malaking parangal ito sa Calamba CPS lalo na ngayon dahil ipinagdiriwang ang National Crime Prevention Week na may temang “Mamamayan, Sama-Samang Makialam Upang Krimen at Korupsyon ay Hadlangan.”



CALAMBA: CERTIFIED CHILD-FRIENDLY CITY

For the 4th year, Calamba City received Seal of Child-Friendly Local Governance award given by the Council for the Welfare of Children. Ms. Celina D. Manabat, CSWDO, Mr. Philip Bautista, representative of Hon. Justin Marc “Timmy” Chipeco and Ms. Minariza M. Gillaco from DepEd, received the fourth plaque of recognition during the ceremony held at Lucena City on August 20, 2018.

Seal of Child-Friendly Local Governance is being conferred to

a local government unit which showed exemplary performance in implementing child’s right programs in different aspects such as health, education and child protection.

Calamba City’s Local Council for the Protection of Children, thru the leadership of Mayor Chipeco, first received this award in 2014 and continuously worked together with other agencies to give our children a better and safer environment to live in. *(Aliwalas Carmen)*



The Civil Service Commission Regional Office No IV would like to congratulate the City Government of Calamba, Laguna, for being conferred the Bronze Award under the Program to Institutionalize Meritocracy and Excellence in Human Resource Management (PRIME-HRM).

To recognize the efforts of our agency in ensuring the successful implementation of the PRIME-HRM (Maturity Level 2), Ms. Maxima O. Lapastora received the Bronze Award and as well as the recognition to Hon. Justin Marc SB. Chipeco as distinguished and valued partner who have been supportive of the Civil Service programs and projects held last September 12, 2018 at the Luxent Hotel, Timog Avenue, Quezon City.

Tatak SerVICE RIZAL



Tatak SerVICE RIZAL



Tatak SerVICE RIZAL

“DUGONG ALAY BAYANING TUNAY”

Bloodletting activity administered at Barangay III, Calamba City
Tuesday, 25 September 2018



A bloodletting activity was conducted by the Office of the City Vice Mayor, in partnership with the Calamba Medical Center, Triskelion Artist Guild and Sangguniang Barangay III, last 25 September 2018. During the event, a total of 216 volunteers were screened. Accordingly, 122 bags of blood were collected from donors coming from National Fire Training Institute, Calamba Manpower Development Center, STI Academic Center, Laguna College of Business and Arts, Triskelion Artist Guild, Tau Gamma Phi and residents of Barangay III.



“Share a little. **DONATE BLOOD.** Care a lot”

Tatak SerVICE RIZAL



Tatak SerVICE RIZAL



Tatak SerVICE RIZAL



City of Calamba

DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

MAYORS OFFICE 8307 / 8306
545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225
OSCA 576-4963 SECTORAL 8213

ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

VMO 8310 VMO Extension 8315 VMO Staff 8311

SANGGUNIANG PANLUNGSOD	8240	HON. PEEWEE PEREZ	8321
HON. EDGARDO CATINDIG	8322	HON. ANGELITO LAZARO	8317
HON. MOISES MORALES	8318	HON. DYAN ESPIRIDION	8324
HON. SATURNINO LAJARA	8319	HON. JOHNNY LAZARO	8320
HON. MARIA VIRGINIA ALCASID	8325	HON. SANTIAGO ATIENZA	8323
HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ	8326	HON. LARRY DIMAYUGA	8316

ACCOUNTING 8202 / 8203 / 8204	POPULATION 8329
ADMIN 8303	POSO 8024 / 8025 / 8026
AGRI 8001 / 8002	REGISTRY 8115 / 8116 / 8117
ASSESSOR 8107 / 8108 / 8109	TOURISM 8331 / 8332
BPTFO 8100 / 8101 / 8102 / 8104	TREASURY 8110 / 8111 / 8112 / 8114
BUDGET 8205 / 8206	VET 8003 / 8004
BUILDING 8030 / 8031	PNP 8702 / 8700 / 8701
CENRO 8217 / 8218	BFP 8601 / 8600
COOP 8018 / 8019	CCC (049) 545-0160 / 545-0555 / 502-0677
CPDO 8208 / 8209 / 8210	CMDC 306-0112 / 545-4384
CSSD (DSWD) 8226 / 8120	COA 8215 / 8216
ENGINEERING 8211 / 8212 / 8214	COMELEC 8017
GSO 8008 / 8007 / 8006 / 8207 / 8200	DepEd 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
HEALTH 8015 / 8016	DILG 8223 / 8224
HOUSING 8020 / 8021	LANDBANK 545-0177
HRMO 8219 / 8220	545-0176 (CASHCARD)
IIPESO 8011 / 8012 / 8014	WATER DISTRICT
ICT 8005	545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895
LEGAL 8221 / 8222	



CALAMBALITA

EDITORIAL BOARD

NOEMI E. TALATALA
Editor - In - Chief

CECIL H. CANILLAS
Associate Editor

MARIVIC D. BALBA
Features Editor

MOISES ALCASABAS
Managing Editor

Staff Writers:

**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES,
JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

INFORMATION OFFICER NETWORK

RIZZA JANE L. JUMARANG
Lay-out Artist

RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS
Graphics Designer

MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA
Photographer

<https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/>

Atty. Justin Marc SB. Chipeco



CONGRATULATE CITY OF CALAMBA FOR THE AWARDS & RECOGNITION

- Seal of Good Housekeeping
- Best Implementor of GAD Fund
- Tourism Excellence Award for Local Government
- First National Honor Maintenance
- 1st Place Best Performing LGU Cooper Development Office Component City for 3 consecutive years
- City College of Calamba - Top 6 in Sept. 2017 Examination for Teachers - Secondary Level

Atty. Justin Marc SB. Chipeco
@attyjustinmarcsbchipeco

MAYOR TIMMY CHIPECO

<https://www.facebook.com/calambalita>

Calambalita Peso



CALAMBALITA

Calambalita Peso

<https://www.facebook.com/iipeso.calamba>

iipeso Calamba



Job Fair

iipeso Calamba

<https://www.facebook.com/Cciolipeso/>

Ccio-lipeso



BUSINESS PERMIT

BUSINESS-ONE-STOP-SHOP* TAX PAYMENT EXPRESS
January 2-20, 2018
BPTFO-B.O.S.S., City Hall Lobby

"Sa Inyong Tamang Buwis, Sukli'y Mabilis Na Serbis!"

*B.O.S.S. is an ANTI-RED TAPE Program of Mayor Justin Marc SB. Chipeco, Vice Mayor ROSS H. RIZAL and the Sangguniang Panlungsod, and the Business Permits & Tricycle Franchising Office

<https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/>

Kalan + Banga



Buhayani Festival 18

https://www.facebook.com/iipeso_calamba

iipeso_calamba

0 posts 0 followers 0 following

IIPESO Calamba
@IIPESO_Calamba

Information, Investment Promotions and Employment Services

>News&Info
>Official Announcements

